# Gabay sa Pamumuhay

住まい方のルール（タガログ語版）

Sa paupahang bahay, mahalagang sundin ang mga ipinagbabawal upang makapamuhay nang maayos.

## Pagtatapon ng Basura　ゴミの出し方

Ang oras, petsa, lugar, at pag-uuri ng basura ay naaayon sa pamayanan (lunsod, bayan, and baryo )na inyong tinitirahan.
Magtanong sa ahensya ng real estate o sa kapitbahay para sa iba pang impormasyon

◆**Mga dapat alamin**

①Kung hiwalay ang pagkolekta ng mga basurang nasusunog at di nasusunog.
②Kung ang basurang nirerecycle ay hiwalay na kinokolekta at kung paano ito itapon at ilabas sa lugar ng pinagtatapunan ng basura
③Araw at oras ng pagkolekta
④Lugar kung saan kinokolekta
⑤Paano itapon ang malalaking basura




Nasusunog na basura



Basurang hindi nasusunog


nasusunog



Basurang nirerecycle




Malalaking basura



＊Mga Bote, lata, dyaryo, magasin, tela, damit, mga boteng plastik ay kinokolekta, may araw ng pagkolekta ayon sa munisipyo.

## Kusina　台所の使い方

Panatilihing malinis ang kusina .
Huwag magtapon ng basura o mantika o langis sa lababo Nakakasanhi ito ng pagbara sa agusan ng tubig.
Ang pagtapon ng langis sa lababo ay nakakapagsanhi ng polusyon sa ilog at dagat.




＊Kung magtatapon ng langis, gumamit ng dyaryo upang sipsipin ang langis at itapon ito kasama ng ibang nasusunog na basura.

## Ingay 生活騒音

Iwasan ang pag-iingay, lalu na sa gabi at sa madaling araw.


**◆Mga halimbawa ng ingay**




Ingay ng Telebisyon, radyo at CD/ cassette players



Ingay mula sa mga instrumentong pangmusika



Malalakas na tinig



Ingay mula sa washing machine at vacuum cleaner




Ingay mula sa gripo, shower at banyo



Ingay dulot ng pagbukas at pagsara ng pinto

## Banyo at kasilyas 浴室トイレの使い方

Kung barado ang tubo ng paliguan at kasilyas, ang tubig ay maaaring umapaw at maging sanhi ng malaking problema. Kung magkagayon at kailanganin ang pagpapahukay at masira ang silid, kakailanganing bayaran ang mga gastusin sa pagpapayos.




Huwag hayaang mabarahan ng buhok ang daluyan ng tubig





toilet paper



tissue




sanitary napkin


Huwag magtapon sa kasilyas ng kahit ano maliban sa toilet paper.

## Balkonahe　ベランダの使い方

Kung ipapagpag ang putong sa balkonahe o kung ilalabas ang halaman, ingatang hindi mahulog ang mga ito sa ibaba.
Kung ang balkonahe ay pang-emergency na labasan mula sa bahay, siguruhing walang mga gamit na nakaharang sa daanan palabas doon.




Ingatang hindi mahulog ang mga gamit sa balkonahe.



Huwag maglagay ng mga gamit na makakahadlang sa daanang pang emergency sa balkonahe..

## Pangkaraniwang lugar ng lahat　共有部分の使い方


Ang hagdanan at ang pasilyo ay kadalasang mahilig lagyan ng mga gamit.
Sa panahon ng lindol at sunog, kakailanganin ang mga pasilyong ito upang madaanan. Minamabuting huwag ilagay ang sariling gamit.



Minamabuting huwag ilagay ang sariling gamit sa hagdanan at pasilyo

## Paradahan para sa bisikleta at kotse　自転車置き場・駐車場

Ang mga bisikleta at sasakyan ay kailangang iparada lamang sa mga nakatakdang paradahan para dito.
Kung may kotse, kailangang umupa ng paradahan. Hindi maaaring pumarada sa tabi ng kalye.





Ang bisikleta ay kailangang iparada sa itinakdang lugar para di makaistorbo sa mga dumadaan.


## Mga dapat tandaan sa kontrata　契約書で確認すること

Ang bawat pabahay ay may sariling mga batas sa paggamit ng mga silid. Basahing mabuti ang kontrata at alamin ang mga ipinagbabawal sa pagupa.


**◆Mga pangkalahatang halimbawa ng mga ipinagbabawal sa pagupa sa pabahay.**




Pag-aalaga ng hayop



Magpako at magpintura sa bahay




Manirahan kasama o magpatira ng isang taong di nakalista sa kontrata



Paggamit ng mga silid bilang isang shop o opisina o iba pang paggamit na hindi nakalahad sa kontrata

**Alam mo ba**

## *Chonaikai* or *Jichikai* (sariling pamamahala sa pamayanan)?　町内会・自治会




Sa Japan, bawat pamayanan ay may sariling organisayon ng mga residenteng namamahala. Ang organisasyong ito`y tinatawag na *Chonaikai* o *Jichikai*.
Kanilang inilalahad sa mga residente ang mga impormasyon mula sa munisipyo, sentro ng publikong kalusugan, at iba pa sa pamamagitan ng pamimigay ng bulletin/pahayagan na tinatawag na "Kairanban". Sila rin ay nagtuturo,at nagsasagawa ng drill para sa mga residente tungkol sa pagiwas at pag-iingat sa mga sakuna. Sila rin ang nagdadaos ng mga piyesta para sa pagpapalitan ng mga kaalaman at tradisyon ng mga ibat ibang nasyon sa pamayanan. Naisasagawa ito sa tulong ng kaunting halagang naibabayad para sa pagsapi sa organisasyon. Ang mag-aaral na taga ibang bansa ay maaari ring lumahok sa *Chonaikai*(or *Jichikai*).Maaari lamang na magtanong sa mga kasapi kung dadalaw sa inyo.

Para sa iba pang Impormasyon : Sentro ng Suportang Pabahay sa mga taga ibang bansang naninirahan sa Kanagawa
1-7, Tokiwa-cho, Naka-ku, Yokohama-shi 231-8458 Tel. 045-228-1752